AHA! LEARNING CENTER'S

**ESKWELANG PAMILYA**

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2

### Aralin 1

**Pambungad**

*Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Hating Kapatid" na isinulat ni Raissa Rivera.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!*

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 1** |
|---|
| Book Title: Hating Kapatid |
| Author: Raissa Rivera |
| Source: Buri Books |

Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? ☺☀ Narito si Teacher Robyn para sa reading lesson natin! 🧡📚 Ang babasahin natin ngayong araw ay parte ng "Hating Kapatid" ni Ginang Raissa Rivera 👩🏽🏫

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isang ating:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Pangako 'yan kada kwento natin, ha? ☺

💬 **TALASALITAAN**
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari rin magtanong sa ating nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Tagtuyot** - pahanon ng taon na walang ulan
**(2) Parang** - bukirin
**(3) Uhay** - bungkos o isang grupo ng halaman (hal. uhay ng damo, uhay ng mais)
**(4) Hitik** - puno (full) o madami

Kayang-kaya natin 'to! Sige, simula na tayo!
--

📚 **HATING KAPATID NI RAISSA RIVERA**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Sabay kami ni Kuyang 🧒🏽umuuwi galing eskuwela. Laging may masarap na meryendang naghihintay sa amin. Sa araw na ito, bibingkang bagong bili ni Nanay 👩🏽 ang meryenda. Ang sarap! 😋

• Pagkahalik sa aming dalawa 🥰, pinaupo kami ni Nanay sa kusina.

• "Ikaw na ang bahalang maghati ng pagkain," sabi niya kay Kuya. 🧒🏽"At tandaan mo, hating kapatid."

• Nakahati na sa apat ang bibingka. Tatlong piraso ang kinuha ni Kuya at ang natitira'y sa akin na.
🧒🏽🍰🍰🍰
👶🏽🍰

• "Mas malaki ako, kaya mas gutom ako. Kailangan mas marami sa akin." sabi ni Kuya. 🧒🏽

• Mas malaki nga siya sa akin kaya hindi na ako umalma. 🧒🏽👶🏽

• Buti pa ang kaklase kong si Dina. 👧🏽 Wala siyang kapatid. Wala siyang kahati sa kahit ano. Kung gugustuhin niya, puwede siyang kumain ng buong bibingka o keyk! 🥧🍰

• Pero noong isang araw, walang pagkain si Dina.👧🏽 Nakalimutan niya ang baon niya.

• "Gusto mo ng kalahati ng sandwich ko?" tanong ko. 👶🏽🥪

• "Ikaw na ang maghati," sabi ni Dina. "Hating kapatid." 👧🏽

• "Ayokong gawing hating kapatid," sabi ko. "Magkaibigan tayo. Gawin nating hating kaibigan." 👶🏽

• Napatawa si Dina. "Hating kaibigan? Ano 'yon? Ganito na lang, hatiin mo 'yung

mamon tapos pipiliin ko ang pirasong kukunin ko." 👧🏽

• Nanginginig ang mga kamay ko habang hinahati ang mamon sa dalawa. Tiningnan ni Dina ang dalawang piraso.

• "Mukhang pareho lang ang laki. Pareho lang pala ang hating kapatid sa hating kaibigan," sabi niya.
👧🏽🥪
👶🏽🥪

• Kailangan ko nang umuwi, pero binigyan ako ng nanay ni Dina ng isang maliit na bilao ng sapin-sapin. 👶🏽🏠

• Pagdating ko sa bahay, mukhang gutom na si Kuya 🧒🏽 dahil nakabantay na siya sa mesa. Inilagay ko sa gitna ang bigay sa akin na sapin-sapin.

• "Hati tayo," sabi ko. 👶🏽
Kumuha ako ng kutsilyo at hinati ko sa dalawa. Tapos hinati ko ulit sa gitna.
🍮🍮🍮🍮

• "Ito, Kuya," Binigyan ko siya ng isang piraso. 🍮"Sabi ng kaibigan kong si Dina, ganito ang hating kapatid."

• Bumilog ang mata ni Kuya, at pagkatapos ay parang namula ang kaniyang mukha, 🧒🏽😳 "Tama ang sabi ng kaibigan mo, ganiyan nga ang hating kapatid," imik niya. Lumiit ang boses niya.

• "Pero ngayon, siguro dapat hating pamilya tayo," sabi ko. Itinabi ko ang isang piraso. 👨👩👧

• "Para kay Nanay 'to." 👩🏽🍮

• "At ang isang piraso naman ay para kay Tatay 👨🏽🍮," dagdag ni Kuya. 🧒🏽

• Tuwang-tuwa ako dahil natikman naming lahat ang uwi kong sapin-sapin. Napasaya ko ang buo kong pamilya. 👨👩👦👦

--

Wow! Ang haba, 'no? Pero nakayanan natin! Good job! ☺
Mas madali kapag binibigkas ang storya, hindi ba? 📣

**✏ GAWAIN**

Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Ano ang unang pagkaintindi ni bunso 👶🏽 (o yung nagsasalita) sa hating-kapatid; 'yong paliwanag ni Kuya? 🧒🏽 Ano naman ang hating-kapatid para kay Dina? 👧🏽 At sa huli, ano ang hating-kapamilya? 👨👩👦👦 Balikan ang kwento para mahanap ang iba't ibang kahulugan! ☺

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Ang hating-kapatid ba ay eksaktong kalahati katulad ng sinabi ni Dina? 👧🏽🥪🥪 Dapat ba mas lamang dapat ang mas nagugutom, katulad ng sinabi ni Kuya? 🧒🏽🍰🍰🍰 O dapat ba 'yong mayroon dapat ang lahat? 👨👩👦👦 🍮🍮🍮🍮 Sabi nga ng Teacher ko, kunin lang ang kailangan at sapat para sa iyo-- huwag kulang at huwag sobra. 🥧 Bilang pamilya, tayo'y magdasal na bigyan tayo ng Diyos ng sapat lang; hindi sobra at hindi kulang ❤

May parte ba ng aralin ang nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang kayo sa grupo, o maaari rin imensahe si Teacher. ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.